

1

Dali-daling tinungo ni Dominic ang opisina ng amang si Martin. Ipinapatawag umano siya nito, ayon sa kanyang sekretarya. Alam niyang hindi siya gagambalain nito kung hindi rin lang importante ang sasabihin. Kaya kahit abala sa mga paperworks ng factory ay agad niya itong sinadya.

Nadatnan niya si Martin na nakaupo sa swivel chair nito; ngunit hindi tulad ng nakagawian, nananatili itong nakatitig sa puting kisame habang hinihimas ang sariling sentido.

“Pa...” Alanganin siya kung naramdaman ba nito ang kanyang presensya. Gayunpaman ay nahuhulaan na niya kung ano ang nasa isipan nito.

Napakislot ito sa kinauupuan. “Dominic,” anang cuarenta y nueve años na matanda.

Naupo siya sa silyang kaharap nito. “Hindi pa rin kayo tinatawagan ni Rosanne?”

Umiling si Martin. “Hindi pa. Talaga yatang wala siyang balak na magbalik pa dito.”

“Give it time, Pa.”

“Time? Ilang beses na ba natin siyang tinawagan? Not once did she answer our call. Kung hindi abala sa trabaho, out of town naman. Halos limang taon mula nang ipadala ko siya sa Maynila ngunit dalawang beses lamang siyang bumisita rito sa probinsya. Tuloy, kinukuwestyon ko ang sarili kung tama ba ang naging desisyon ko noon.” Bakas ang pag-aalala sa mukha ng matanda.

“Alam nating pareho kung bakit n’yo siya pinag-aral sa *St. Agnes*.”

“Yan ang hindi niya maintindihan.”

Nagbuntong-hininga si Dominic. “Sa palagay ko, kahit anong pilit natin sa kanya ay wala siyang balak kahit bumisita man lang dito. Mag-apoy man ang linya ng telepono sa kakatawag natin sa kanya, wala ding silbi.”

“So what do you suggest?”

“The same idea I suggested few weeks ago.”

Matigas sa pag-iling si Martin. “Mahirap ang sinasabi mo, Dominic. In order to do that, kailangan kong lumiban sa trabaho. Alam mo naman kung gaano tayo ka-busy these days. At isa pa, ayokong magsinungaling.”

Inilahad niya ang palad sa ere. “May iniisip pa ba kayong ibang paraan? Maaaring ito na lamang ang choice natin para mapabalik si Rosanne. I say it’s the best solution to our problem.”

“You want me to lie?”

“If that would make her come home... and if it means peace of mind for you, then yes, I want you to lie. Just this once,” matatag na turan niya.

“We’re desperate men, you and I.” Ngunit pagkatapos niyon ay nahulog sa malalim na pag-iisip si Martin. Alam ni Dominic na pinag-iisipan nito ang kanyang suhestyon, ang effectiveness niyon.

Lumipas ang ilang minuto. Mayamaya, nagsalita rin ang ama. “Nevertheless, we could give it a try.”

“Then I could only hope for the best.” Nakahinga nang maluwag si Dominic.

Pagmamahal para sa nakagisnang ama ang nagtulak kay Rosanne upang umuwi sa probinsya— pagmamahal at pag-aalala sa kasalukuyang kalusugan nito. Never mind that she despised him, hated him in her early years in *St. Agnes College*. Hindi nagtagal ay nawala rin ang galit na iyon. Pride ang dahilan kung

bakit sa loob ng ilang taon ay natiis niya si Martin. At si Dominic.

Ilang oras na rin ang nakaraan mula nang ibalita ng kaibigan ang nangyari sa kanyang ama. Anito, *“Tumawag si Dominic kanina. Since nasa trabaho ka, ako na ang kumausap.”* Atubili ito sa pagsasalita. *“Ross, may sakit daw si Uncle Martin. Kung maaari daw ay umuwi ka agad sa probinsya.”*

Pagkarinig niya sa sinabi nito ay hindi na siya nagdalawang-isip. Naglagay lang siya ng ilang damit at toiletries sa traveling bag at inihagis iyon sa backseat ng kanyang white convertible. By midnight ay narating niya ang border ng San Andres.

Nakaramdam siya ng nostalgia nang makita ang pamilyar na tanawin. Her hometown. Halos tatlong taon din siyang hindi umuwi o dumalaw man lang sa ama. Nakaramdam siya ng pagsisisi.

Binuhay niya ang car stereo nang mapagtanto ang daloy ng isipan. With the blasting rock and roll music and her long black hair whipping in the wind, nabawasan ang pamimigat ng kalooban niya.

But it felt good to come back. But she would never admit that fact to anyone but to her self. Nag-aalala man ngayon sa kalagayan ng ama ay naroon

pa rin ang sakit na idinulot ng ginawa nito noon. Hanggang ngayon ay naroon pa rin ang bitterness sa kanyang puso.

Martin sent her to *St. Agnes College*, a prestigious institution na para sa mga babaeng tulad niya: mayroong magulang na handa siyang pagkagastusan. Iyon ay sa kabila ng katotohanan na siya ay ampon lamang nito.

At ang masakit pa sa lahat ay nalaman lang niya ang katotohanan three years ago. Akala pa naman niya ay tunay na magulang niya sina Martin at Eleanor. Hindi pala.

Indirectly, Martin sent her away. At least, it felt like it. Alam niyang nagdesisyon lamang ito nang gayon dahil sa panunulsol ng isang tao—si Dominic. Oh, how she hated them both! Lalo niyang kinamuhian ang huli pagkatapos ng insidenteng iyon.

Ano ang karapatan nitong sulsulan ang ama? Ano ang karapatan nito upang panghimasukan ang kanyang pribadong buhay?

Everything was fine until that dratted man appeared at their doorstep. Labing-anim na taon pa lang si Dominic noon at siya naman ay sampu. Ang akala niya, isa lamang ito sa mga alaga ng ama. Hindi

kakatwa ang gayon dahil kilala si Martin sa kanilang lugar bilang isang pilantropo, ang mayamang balo na may ginuntuang puso.

Katulad ng iba ay nakagaan din niya ng loob si Dominic noong una. Mabait ito at magalang. Guwapo. Kaya ang musmos niyang puso ay agad nitong napaamo. Little did she know that beneath his charming exterior lay the rotting, manipulating persona. Napalayo siya sa sariling tahanan nang dahil sa kagagawan nito.

Ang sabi niya sa sarili, gagantihan niya ang lalaki. Noong nasa dorm pa siya sa eskuwelahan, kung anu-anong eksena ang pumasok sa kanyang isipan. Naroong pinalayas daw ito ng ama dahil sa pagmamahal sa kanya, naroon na rin iyong isiping pinaibig niya ito nang husto at sa bandang huli ay iiwan niya ito, sasaktan.

What a fool she had been. And how naïve as well.

Pero tatlong taon na ang nakaraan mula nang magising siya sa katotohanan. At kasabay pa niyang nalaman na siya ay ampon ni Martin. At si Dominic, ang pesteng lalaking iyon, ay siya palang tunay na anak. Anak sa isang babaeng nakarelasyon nito matagal nang panahon ang nakalipas.

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

Sa isang iglap, nagulo ang kanyang tahimik na mundo. Sa isang iglap, ipinamukha sa kanyang si Dominic ang mas may karapatan kaysa sa kanya. Siya ang kalabisan sa tahanang iyon at hindi ang lalaki.

She stayed away after that and lived on her own. Kahit sobra ang kalungkutan ay hindi siya umuwi ng probinsya. But everything was fine now. Nang makatapos sa kolehiyo ay agad siyang napasok sa isang interior design firm sa siyudad.

Ross caught her first glimpse of their house and her throat constricted queerly. Ang pagsulyap sa kinalakhan niyang lugar na hindi inuwian sa loob ng tatlong malulungkot na taon ay di-inaasahang makakapagpalabo ng kanyang paningin. Muli niyang pinigilan ang emosyon.

Nang mapatapat sa puting gate ay ilang beses siyang bumusina. Hindi niya ipinaalam na uuwi siya ngayon kaya medyo natagalan ang katulong sa pagbubukas niyon. Ang ipinagtataka niya ay kung bakit tila nakakita ng multo si Aling Matilde nang mamataan siya.

Iginarahe niya ang sasakyan. Madaling-araw pa lamang kaya madilim ang paligid. Ang tanging nagbibigay ng liwanag ay ang mga torch ng ilaw sa front yard.

Despite her high-heeled suede shoes, she rushed her way toward the house. Nasa likuran niya ang matandang babae.

“Ano’ng nangyari? Bakit ngayon ko lang nalaman ang tungkol sa kondisyon ni Daddy?” aniya na matuling inakyat ang mataas na hagdanang patungo sa ikalawang palapag.

Hindi mapalagay ang matanda. Pilit nitong sinabayan si Ross sa mabilis nitong paghakbang ngunit dahil na rin sa katandaan ay nahirapan itong makaagapay.

“Hindi namin inaasahang darating ka agad.” Iwinasiwas nito ang palad sa ere. Nang makita nitong dederecho siya sa silid ng ama ay lalo itong ninerbyos. “Sandali lang, Rosanne,” pigil nito sa kanya.

Saktong nakahawak si Ross sa doorknob. “May problema ba, Nana Matilde?” Nagtaka siya sa nakitang anyo ng matanda.

“Ah, eh... Hintayin mo na lamang ako dito. Dapat siguro mauna ako sa pagpasok para masabihan si Martin. Ang bilin kasi ng d-doktor, bawal siyang mabigla.”

“Gan’un ho ba? O, sige ho.” Nagparaya siya rito. Upang mabawasan ang tensyong nararamdaman

ay nagpalakad-lakad sa harapan ng silid. Nainip na siya sa kahihintay ay hindi pa rin lumalabas si Nana Matilde.

Nakarinig siya ng mahinang ingay sa loob ng silid. Kaluskos ba ng nagmamadaling kilos ang kanyang naririnig?

Mayamaya ay nagbukas din ang pintuan. Dali-dali niyang tinungo ang naghihintay na ama.

“Daddy...”

Nakapikit ito habang nakasandal sa headboard ng kama. Kani-kanina lang ay halos liparin niya ang papunta roon dahil sa pag-aalala sa kondisyon ng kalusugan nito. Ngunit ngayong kaharap na niya si Martin ay hindi niya alam ang gagawin. Dapat siguro ay yumakap at halikan ito sa pisngi tulad ng nakagawian niya noong bata pa?

Nagmulat ito ng mga mata. “Anak,” anito bilang pagbati. Namamaos ang tinig nito. Gayunpaman, he looked okay for a sick man; hindi ito mukhang malubha.

Nanatili siya sa pagkakatayo sa paanan ng kama, unable to move or to acknowledge the man’s words. Masama pa rin ang kanyang loob.

Kunwa ay inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng silid. She crossed her arms while tapping her heels upon the wooden floor.

Lumikha iyon ng kaunting ingay.

“You came,” sabi ni Martin.

“Well, yes. Here I am. Tumawag ang anak ninyo at si Bernadette ang nakasagot kanina. So here I am... you remember Bernadette, don't you?” Kung nararamdaman man nito ang kanyang sarcasm ay hindi niya alam.

“Siyempre naman, Hija. Siya ang kaibigang dinala mo dito apat na taon na ang nakakaraan. Christmas break

noon, tama? May sakit nga siguro ako sa puso ngunit wala sa isip. My memory's quite good until now.” Nais sana ni Martin na palapitin si Ross ngunit hindi na siya nagtangka. May pader sa pagitan nilang dalawa at nais man niyang alisin iyon ay hindi pa maaari sa ngayon.

Hinayaan lamang siya nito.

Ross rubbed her scalp with the pads of her fingers. “That's good. Your memory, I mean. Ano ba'ng nangyari sa inyo?”

“Hindi ko alam. Ganito lang siguro kapag tumatanda. Humihina ang katawan.” Patlang. “Frankly speaking, hindi ko inasahang darating ka nga.”

Pinili ni Ross na bale-walain ang huling pahayag ng ama. Nag-focus lamang siya sa kalagayan nito. “Ano’ng sabi sa inyo ng doktor?”

Napabuntong-hininga si Martin. “Kailangan ko lang magpahingang mabuti, proper diet at iwasang mag-isip ng problema.”

“Kung gayon, hindi mo na ako dapat pinauwi dito.”

“At bakit naman?”

“I’m a problem-maker, remember? Baka kasalanan ko pa kung atakihin ka sa puso nang dahil sa kagagawan ko.”

“At this rate, baka nga atakihin ako sa mga sinasabi mo.”

“At least binalaan na kita.”

“Are we at war, Daughter?”

“The last time I checked, yes.”

“And when was the last time you checked?”

Hindi niya ito sinagot. Hindi siya handang pag-usapan ang sigalot sa pagitan nila ng ama. At isa pa, inaalala pa rin niya ang kalagayan ng puso nito. She bid him goodnight instead.

“Magpahinga ka na, Dad. It’s dawn already. At isa pa, inaantok na rin ako.” Tinalikuran na niya ito.

Ngunit pinigilan nito. “Rosanne...” Muli siyang humarap. “Yes?”

“Hindi ka ba magkakapulmonya sa suot mo?” tanong nito sa kanya. Backless ang kanyang suot at isang conservative si Martin.

“Baka nga,” aniya upang sutilin ito. She caught herself in time. Tinapunan niya ito ng tingin. “Nah. I was just kidding, Dad. Just go to sleep and have some rest, okay?”

Tumango si Martin, bahagyang ngumiti.

Paglabas niya ng silid ay natuklasan niyang naroon pa rin si Aling Matilde.

“Iniakyat ko na ang bag mo kanina. Magpahinga ka na sa iyong kuwarto, alam kong napagod ka sa pagmamaneho,” anito na nanguna na patungo sa kanyang silid. Nasa dulo iyon ng second floor at nakita pa niyang naroon pa rin ang bright pink na

pintura sa pintuan. Walang ipinabago.

Nang makapasok sa loob ay natuklasan niyang pati sa loob ay walang ipinabago. Nasa dating ayos pa rin ang mga gamit at kasangkapan. Maging ang kanyang stuffed toys ay nakahilera pa rin sa ulunan ng kanyang kama.

Hinawakan niya ang brown teddy bear. Regalo iyon sa kanya ng ama sa kanyang ika-pitong kaarawan. Medyo nangungupas na ang kulay nito, ang pulang ribbon sa leeg ni Sammy ay muntikan nang makalas sa pagkakabuhol.

“Hello, Sammy, buhay ka pa pala.” She let go of it knowing that it was her father who gave it.

“Kahit wala ka dito ay hindi hinayaan ni Martin na magulo ang mga gamit mo.”

Napalingingon si Ross kay Aling Matilde. Kasalukuyan nitong inilalabas ang mga damit sa traveling bag. “Nagtataka lang ako, Nana Matilde. Napakalinis ng kuwarto na parang inaasahan ninyo ang pagdating ko.” Dahil abala sa pag-iinspeksyon sa kabuuan ng silid ay hindi na niya nakita nang matigilan ang matanda.

“Ah... halos araw-araw ko kasing nililinisang ang kuwarto mo.”

“Gan’un ba?” Tumango ito. Naupo siya sa gilid ng kama. Kapagkuwan ay nag-dekuwatro. “Kumusta ka naman ba, Nana?”

Patuloy ito sa ginagawa. “Ayos naman ako, tulad pa rin ng dati. Wala namang nagbago sa akin. Ikaw nga ang dapat kong kumustahing bata ka. Ano’ng nangyari sa ’yo sa Maynila? Hindi ka ba naguguluhan doon?”

“I thrived in the city, Nana. At isa pa, maganda naman ang lagay ko doon sa trabahong napasukan kaya wala kayong dapat ipag-alala.” She toyed with her polished fingernails.

“At bakit naman hindi? Hindi mo maiaalis ang pag-aalala sa ’yo nina Martin at Dominic. Natural lamang ang bagay na iyon.”

Hindi na iba ang turing nila sa matandang babae. Malapit ito sa kanilang pamilya, lalo na sa kanya dahil ito ang naging yaya niya noong siya ay bata pa lang. Nasasabi nito ang nais sabihin dahil alam nitong hindi nila mamasamain ang pagbibigay nito ng payo o opinyon.

“Hindi mo na pala tinatanggap ang sustento ng daddy mo?”

“Mabuti na rin ’yon because I like to be

independent.” Para makaiwas sa mga susunod pa nitong katanungan ay pinatigil na niya ito sa ginagawa. “Iwan mo na iyan, Nana Matilde. Ipapagawa ko na lamang iyan kay Maria bukas ng umaga. Isa pa, kailangan ko nang matulog dahil napagod ako sa biyahe.”

Sa wakas ay huminto ito sa ginagawa. “Gan’un ba? O, sige. Tutal kaunti na lang ang aayusin bukas. Matulog ka na.” Iniwan na siya nito.

Pagkaalis ng matanda ay kaagad siyang nag-shower upang mawala ang panlalagkit ng katawan. Ngunit nakapagpalit na siya ng damit at nahiga na sa kama ay hindi pa rin siya makatulog. Maraming bagay ang pumasok sa isipan niya: ang pag-uusap nila ng ama at si Dominic.

Bakit hindi niya ito nakita? Bilang tunay na anak, dapat ay roon nakatira ang lalaki kasama ng ama. Ngunit bakit tila hindi gayon ang nangyari?

She gave up a few minutes later. Mula sa kanyang ulunan ay hinablot niya si Sammy. Against her will, niyakap niya ito tulad ng nakagawian noong siya ay bata pa.

Pagkatapos niya iyong gawin ay saka pa lamang tuluyang nahimbing.

2

Ross woke up late in the afternoon.

Hindi siya sanay matulog sa araw kaya kahit ilang oras siya sa kama ay tila hindi siya nakapagpahinga nang maayos. It was a good thing na hindi siya ginising ng mga kasambahay para lang pakainin. Ugali pa naman ito ni Aling Matilde.

“Christ,” aniya sa sarili nang maramdaman ang pananakit ng ulo. She gave up lying on the bed at para mabawasan ang migraine ay iniligo na lamang iyon.

She felt better after the invigorating shower.

Gayunpaman ay hindi muna siya lumabas ng kuwarto. Hindi pa siya handang harapin ang ama, o si Dominic, for that matter.

Ang ginawa niya ay tinawagan na lamang si Bernadette upang sabihing hindi muna siya makakabalik sa trabaho.

“Is Uncle Martin okay?” nag-aalala nitong tanong.

Umupo sa harapan ng tokador si Ross; nakatapis ng tuwalya at tumutulo pa ang basang buhok. “I think he is,” sagot niya sa kaibigan. “Pero sa palagay

ko, hindi muna ako makakabalik ngayon sa trabaho. Bukas o makalawa na siguro. I'll call Mori later to tell him that.”

Ang tinutukoy niya ay siya nilang boss sa interior design firm na pinapasukan.

“Don't worry about it, Honey. Nasabi ko na kay Boss ang tungkol sa nangyari. Pero ipaalala ko raw sa 'yo na kailangan kang bumalik as soon as possible. Hindi pa tapos ang latest assignment mo, remember?”

“I know.”

“Okay. Rest your pretty head for now. Magkita na lang tayo pagbalik mo.”

Pagkatapos nilang mag-usap ay inilabas ni Ross ang mga personal na kagamitan sa traveling bag at pumili ng maisusuot. Nasa ganoon siyang ayos nang kumatok sa pinto si Aling Matilde.

“Tuloy!” aniya. Wala siyang alinlangan kahit mabungaran ng matanda sa ganoong ayos.

May dalang pineapple juice ang matanda at na-appreciate niya ang gesture na iyon. “Hindi n'yo pa rin nakakalimutan ang preferences ko.” Nakaugalian niya na kasing uminom ng pineapple juice paggising sa umaga. In this case, dahil mag-uumaga na nang

makatulog ay ibinigay pa rin ngayong hapon.

“Hindi ko talaga makalimutan ’yan. Bakit hindi ko maaalala, eh, ikaw lang naman ang inalagaan ko simula pagkabata? Kapag nakakakita nga ako ng pinya, ikaw na bata ka ang naalala ko.”

Tumawa si Ross.

“Siyanga pala, kanina pa tinatanong ni Martin kung bumaba ka na. Naroon siya sa labas at nagbabasa ng diyaryo.”

“Diyaryo? Nagbabasa na siya agad ng diyaryo? Akala ko ba ibinilin sa kanya ng doktor na magpahinga lang? He should be resting in his own room.”

“Hay, ikaw na ang kumausap sa ama mo. Alam mo namang matigas ang ulo n’un.” Nasulyapan nito ang nakabukas na bag. “Paakyat ko si Maria pagkatapos mong magbihis.”

Iniwang na siya ni Aling Matilde.

Isinuot ni Rose ang pulang tank top na napili at tinernuhan na lamang iyon ng napakaikling camouflage shorts. She brushed her hair into perfection and carried the glass of juice downstairs.

Through the glass windows in the living room, nakita nga ni Ross ang ama na nakaupo sa labas,

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

nagbabasa ng diyaryo at mukhang totally immersed sa binabasa.

Nais mang iwasan ang ama ay mukhang malabo iyong mangyari.

Tinungo ni Ross ang kinaroroonan ni Martin. Ni hindi nito namalayan ang kanyang paglapit. Napilitan siyang kunin ang atensyon nito.

“Just what do you think you’re doing?” aniya sabay upo sa kaharap nitong silya. Inilapag niya ang baso sa bilog na mesa saka humalikipkip.

Nasorpresang napatingin sa kanya si Martin. Gayunpaman ay napangiti ito nang makita siya. Itinigil nito ang ginagawa. “Reading the newspaper,” pambabale- wala nito sa paninita niya.

Tumaas ang kilay ni Ross. “I know that. Ang gusto kong malaman ay kung bakit kayo nagbabasa ng diyaryo gayong dapat ay nagpapahinga kayo sa kuwarto?”

“Ilang araw na akong nakakulong sa kuwarto, Hija. Alam mo namang hindi ako sanay nang walang ginagawa.”

“Kahit na,” she snapped. “Kapag ipinagpatuloy mo ang ganyang gawain, you’ll be dead before your

next birthday.”

“Thanks for reminding me that. But it just so happen that I feel well today.”

“Good for you.” Pinagmasdan niya ang paligid. “By the way, your garden looks fabulous.”

He chuckled. “Salamat. It’s your garden too, you know...”

Pinili ni Ross na ignorahin ang nais talaga nitong iparating sa kanya. Sa isip niya, umuwi siya ng probinsya upang malaman ang estado ng kalusugan ng ama, hindi para pag-usapan ang mga bagay-bagay na nangyari sa kanila, ang sigalot na pagitan nilang mag-ama.

The last thing she needed was a damned heart-to-heart with a well-meaning family member.

Iniba niya ang usapan. “Nasaan ba ang anak n’yo?” tanong niya habang sumisimsim ng juice sa baso na hawak. Her voice sounded casual. Maybe *too* casual.

Ayaw niyang ipahalata sa ama na curious siya sa whereabouts ni Nick. Err, ni Dominic. She stopped calling him Nick a long time ago. Mula nang malayo siya sa sariling tahanan nang dahil sa kagagawan

nito.

“Si Dominic? Sa oras na ito ay naroon siya sa kanyang trabaho.”

“Is that so?” aniya na nakulangan sa isinagot nito. Ang gusto niyang malaman ay kung madalas itong dumalaw sa ama o kung doon ba nakatira ang binata in the first place.

Naramdaman siguro ng ama ang curiosity niya kaya ito na mismo ang nagboluntaryo sa pagkukuwento. “He’s the present marketing manager sa factory, Hija. At kung gusto mong malaman kung nakatira pa rin ba siya dito, the answer is no. He refused to live here dahil tulad mo ay independent si Dominic.”

Ang factory na tinutukoy ng ama ay isang partly-owned property. In other words, may stock ang kanilang pamilya sa kompanya kung saan nagmamano ng mga wiring harness ng mga sasakyan na ibinebenta mainly sa Japan at iba pang bansa sa Asya.

“Hindi ako interesadong malaman ang tungkol sa anak mo,” pagsisinungaling niya. Alam ng matanda na galit pa rin siya sa lalaki hanggang ngayon kaya alam niyang hindi ito mabibigla sa binitiwang niyang

salita. And he would not be wise to push the subject. Pati rito ay masama pa rin ang loob niya.

“O sige, no more talks about him,” nababahalang pahayag ni Martin. “Kararating mo lang at ayoko namang galitin ka. Baka kasi kapag ginawa ko iyon, abutin na naman ng tatlong taon bago ka bumisita uli dito.”

Hindi na nga nito muling binanggit ang lalaki. Sa halip ay tinanong na lamang siya kung ilang araw bang maglalagi roon.

“Uuwi rin siguro ako bukas, Dad. Nagpunta lang naman ako dito para makita ang kalagayan mo.” The moment it slipped from her lips, pinagsisihan niya ang sinabi. She was way too transparent for her own good. “I don’t intend to stay longer than necessary.”

“Napakabilis naman yata. Kararating mo lang, ah.”

“May trabaho ako sa Maynila. Nagpaalam lang ako sa boss ko na liliban ng dalawa hanggang tatlong araw.”

“I see...”

“In that case, mauna na ako sa loob. I have to work out in the gym.” Ang gym nila ang kanyang

tinutukoy. Nakagawian na niyang mag-work out simula pa nang siya ay teenager.

“At this hour?” namamanghang tanong ng ama. Dinampot niya ang half-empty glass at saka tumayo.

“Why not?”

Napailing na lamang ang matanda. “Go, if you must,” tanging sabi nito na ikinumpas ang palad.

Mayamaya pa, nang mawala si Ross sa paningin nito ay muling dinampot ang diyaryo upang ipagpatuloy sana ang binabasa. Ngunit nawala na ang konsentrasyon nito, nasa ibang mas mahalagang bagay na ang isipan.

Habang nagpapapawis sa treadmill sa kanilang private gym si Ross, hindi niya maiwasang isipin ang mga pangyayaring naganap sa mismong pamamahay na iyon. Ayaw sana niyang alalahanin ang nakaraan ngunit nagsusumiksik pa rin sa kanyang isip ang lahat.

Ang akala pa naman niya ay naibaon na ang lahat sa limot, o kung hindi naman, natanggap na ito at nakapag- move on na sa sariling buhay.

Ngunit kahit matagal na panahon siyang nalayo

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

sa kinilalang pamilya ay hindi pa rin nawawala ang bitterness, ang hapdi. Lahat ng bagay sa bahay na iyon ay nakapagpapaaalala ng kanyang nakaraan. Nakakapagpaalala sa kanya kay Dominic.

She adored him so much in the beginning. Naalala pa nga niya noong una niya itong nakita...

Hinihintay niya noon si Martin mula sa trabaho nito sa factory. Balak sana niya itong sorpresahin sa ginawa niyang card na ipinagawa ni Miss Simon, ang kanyang teacher sa pribadong eskuwelahang pinapasukan. She remembered waiting for him in the garage; nais niyang ibigay ang sorpresa pagkababa pa lamang nito sa kotse.

Ngunit siya ang nasopresa nang araw na iyon nang bumaba si Martin mula sa kotse kasunod ang isang lalaking teenager, si Dominic nga. Labing anim na taong gulang pa lamang ito noon. Natatandaan pa niya, tahimik ito habang pinagmamasdan ang malaking bahay.

At lalo pa siyang nagulat nang sabihin ng ama na doon na raw ito titira kasama nila.

“Treat him as your big brother, Rosanne,” dagdag pa ni Martin. Sinunod niya ang kagustuhan nito hindi sa kung anupaman, kundi dahil napukaw ni

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

Dominic ang kanyang kamalayan. He was a charmer in his silent way.

Hindi naman sila nagkaroon ng problema noong una dahil mabait naman ito sa lahat ng tao roon. Sa katunayan, itinuturing ito ng lahat bilang tunay na kapamilya. Pinag-aral pa nga ito ni Martin sa kolehiyo sa Maynila at ibinigay rito ang lahat ng pangangailangan. Nagtataka man kung bakit gayon na lang ang tuwa ng ama sa lalaki, she was too grateful para mag-usisa pa.

Nang tumuntong siya sa high school ay saka pa lamang niya naisipang tanungin ang ama.

“Daddy, paano mo ba nakilala si Nick?” Noon pa man, hindi na siya nag-abalang tawagin itong kuya. Natagalan bago niya na-realize kung bakit.

“Bakit mo itinatanong?” paiwas nitong tugon.

“Masama bang magtanong, Daddy? You’re so unfair sometimes, alam mo ba iyon?” Sa murang edad ay sadya siyang matabil.

“You ask too many questions. Malalaman mo rin pagdating ng araw.”

Hindi naman niya ito pinilit pa. Para sa kanya, ayos lang saan man nanggaling si Nick. Sobra ang

paghahangad niyang magkaroon ng iba pang pamilya bukod kay Martin, hindi na kasi niya nagisnan ang kinilalang ina na si Eleonor. Maaga itong namatay dahil sa isang karamdaman noong sanggol pa lang siya. Kaya siguro ganoon na lang ang paghahangad niyang pagtuunan ng pansin at mahal in ng ibang tao. Maaga niyang natuklasan na malungkot ang nag-iisa. Napakalungkot ng walang kapatid.

Needless to say, nawala ang kalungkutang iyon nang dumating sa kanila si Nick. If only for that, he became her hero, her knight in shining armor. Kahit pa nga sa mga kaklase niya noon ay popular si Nick. Kung minsang semestral break o holiday ay umuuwi ito sa probinsya at sa tuwina ay susunduin siya sa eskuwelahan. They would have quality time together saan mang lugar na nais niyang puntahan.

She really loved him. Pero sa paglipas ng panahon ay naisip niyang ibang klase ng pagmamahal ang nararamdaman niya para rito. Absolutely not the kind of familial affection; it was more than that. Natuklasan niya ang damdaming iyon nang minsang may ipakilala itong babae na nanggangalang 'Miranda'. Ang sabi ni Nick, she was his classmate and girlfriend in college.

Quince años siya noon. Sa kanyang murang edad

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

ay naramdaman niya ang matinding pagseselos. Childishly, she stomped back to her room at doon ay nagmukmok. Hindi na siya nag-abalang pakiharapan ang kanilang bisita, to her father's disappointment.

She acted more like a betrayed girlfriend.

That was the time she decided to pursue Nick. At dahil likas sa tulad niyang teenager ang maging taklesa at matigas ang ulo, ginawa niya ang lahat upang makuha ang atensyon nito.

Sa loob ng dalawang taon pinilit niyang kunin ang atensyon ni Nick. Ngunit tila hindi nito pansin ang kanyang ginagawa. Siguro ay alam nito ang nais niyang mangyari, sadyang binabalewala lang nito. She started to get wild and rebellious. Iyon lamang kasi ang alam niyang paraan para pasakitan si Nick, para ipamukha ritong kung ayaw nito sa kanya, mas ayaw niya rito. Pero sino ba ang niloloko niya?

She flirted with him openly, wala siyang pakialam malaman man iyon si Martin o hindi. Nilubos niya ang mga panahong umuuwi si Nick galing Maynila. Sa isip niya, lulubusin niya ang bawat pagkakataong mayroon siya. But he was so goddamed indifferent! Wala itong pakialam sa nararamdaman niya. Ang masaklap sa lahat ay napalayo siya sa San Andres dahil sa lalaki.

Because of his traitorous, conniving mind, nagkasira sila ni Martin.

“Ma’am Rosanne?”

Natigil siya sa pagmumuni nang makita si Maria sa gawing pinto ng gym. Itinigil niya ang ginagawa, hinablot ang puting towel na nakapatong sa treadmill at saka pinunasan ang pawisang mukha at katawan.

“Yes?” tanong niya sa mahiyaing kasama.

“Ipinapasabi po ni Sir na magbihis na kayo upang magkasabay-sabay kayo sa hapunan. Parating na daw si Sir Dominic at gusto ng daddy n’yo na kasabay kayong dalawa na hapag sa pagkain.”

Speaking of the devil, bulong ni Ross sa sarili, nakataas ang isang kilay. “Gan’un ba?” Patlang. “I’ll be ready in about twenty minutes. Salamat, Maria. Makakaalis ka na.”

Nang mawala sa paningin niya ang katulong ay saka siya muling napaisip. No, hindi niya gustong makita si Dominic. Inaamin niyang curious siya sa naging buhay nito, ngunit hanggang doon lamang iyon.

She hesitated there for a moment. She felt foolish dahil tila ngayon pa siya nag-aalinlangan na

pakiharapan ito.

What the hell. Nag-mature na siya at hindi siya ang dating Rosanne na gagawin ang lahat para matuwa sa kanya ang lalaking iyon. May sarili siyang utak at kung mayroon mang reservations ngayon, kaya pa rin niyang i-handle ang anumang sitwasyon.

No, she was not a hormone-affected teenager anymore. And definitely she got over her infatuation for the traitorous man.

Ang ikinakatakot niya ngayon ay baka hindi mapigilan ang sarili na pasaringan ito.

3

Dalawampung minuto ang ginugol ni Ross upang maihanda ang sarili. Nasisiguro niyang kanina pa naghihintay sina Martin at Dominic sa dining room.

Armed with self-confidence, tinungo niya ang ang dalawang lalaking abala sa pag-uusap tungkol sa negosyo.

Napalingon ang mga ito nang maramdaman ang kanyang presensya. Martin remained sitting dahil na rin siguro sa panghihina ng katawan. But Dominic stood up and stared at her. And so did she. Hindi niya inaasahang maaapektuhan pa rin ng presensya nito pagkatapos ng ilang taong di pagkikita. She stared at him, too, albeit in a curious way.

Siya na ang unang bumati sa mga ito. “Good evening, gentlemen,” aniya na sa ama nakatingin.

“Good evening,” halos magkapanabay na sagot sa kanya ng dalawa.

Naupo siya sa bandang kaliwa ni Martin. She spread the napkin upon her lap. Pagkatapos niyon ay saka lang nagkaroon ng pagkakataong pagmasdan ang mga ito. They were unusually quiet now. “What’s

the problem, guys? Cat got your tongue?” sabi niya na umarko ang isang kilay.

“Nagulat lang ako sa suot mo, Hija,” maingat na komento ni Martin.

“May problema ba sa suot ko?” aniya na sinulyapan ang sarili. Naka-mini-skirt siya at ang pang-itaas naman ay isang see-through blouse na sadyang ipinapaaninag ang haltered bikini-top sa loob.

Si Dominic ang sumagot. “Wala naman, but you must have left half of it in your room, that’s all.”

“What are you now? The local fashion expert?” Puno ng sarkasmo ang kanyang tinig; naniningkit ang mga matang nakatuon dito.

Ikinumpas ni Martin ang mga kamay na tila itinataboy ang masamang hanging dulot niyon. “Huwag nating pagtalunan ang bagay na ’yan. Sa loob ng matagal na panahon ngayon ko lang ulit kayo makakasama nang sabay sa pagkain. Let’s not ruin the special occasion, maaari ba ’yun?”

Ayaw ni Ross na sumama ang loob ng ama kaya nanahimik na lang siya. *He started it*, nais sana niyang sabihin. Wala pa siyang dalawang minutong nakaupo roon ay sinimulan na siya nito.

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

Hindi naman ganoon magsalita si Dominic noon. He had always been quiet, pero naisip niya, iyon ay noong mga panahong hindi pa lumalabas ang katotohanan. Na ito pala ang tunay na anak at siya ang ampon.

Come to think of it, hindi pa niya alam ang buong katotohanan tungkol sa bagay na iyon. Ni hindi niya alam kung sino ba ang ina nito. Ang alam lang niya ay isa itong bastardo.

How convenient. Nang hindi magkaanak sina Martin at Eleonor ay inampon siya ng mga ito, iyon naman ay base sa sinabi sa kanya ni Martin three years ago. Bukod doon ay wala na siyang ibang nalalaman dahil agad siyang tumulak pabalik ng Maynila dahil sa sobrang sama ng loob. She never looked back since.

Laking pasasalamat siguro ng ama nang malaman nitong nagkaanak pala sa isang babae. Pretty convenient for them, lalo na kay Dominic.

“Kumusta naman ba ang buhay mo sa Maynila, Hija?” pukaw ni Martin sa naglalakbay niyang isipan. He was trying to make a decent conversation with her.

“Hmm... busy. Tulad nga ng nabanggit ko sa inyo nagtatrabaho ako ngayon sa isang interior design

firm. I like the place, the people... most of all, I like the independence,” parunggit niya.

Hindi niya intensyong pasakitan ang ama, pero hindi lang kasi niya maiwasan. Mula pagkabata, she has always been like that, always trying to coach a reaction from other people.

Hindi iyon ininda ng ama. Kilala na siya nito. “That’s good, that’s good...” anito na tumangu-tango.

Mayamaya pa ay tinawag na nito sina Maria at Aling Matilde upang simulan ang paghahain ng pagkain sa mesa.

Pilit niyang inignora si Dominic, ngunit sa tuwina ay sinusulyapan niya ang anyo nito. And she was surprised to find out that he was staring at her, too.

Napakalaki ng ipinagbago ng binata sa paglipas ng panahon. He looked mature and serious in a mysterious kind of way. Seryoso na ito dati, ngunit iba ang pagkaseryoso nito ngayon. Tila napakarami nitong iniisip. O inililihim?

Physically speaking, walang masyadong ipinagbago ang lalaki. Pero hindi iyon ang aspetong kinaiintrigahan niya. He has changed internally, pero hindi niya matukoy kung ano iyon.

Dati-rati naman ay hindi siya nito tinitigan nang gayon. Hindi na ngayon. Ngayon, maawtoridad ang paraan ng pagkilos nito. He looked like a man who's used in getting things that strikes his fancy.

Gayon ba talaga ang nagagawa ng pera?

She chose to irritate him. Sa paraang iyon ay baka sakaling malaman niya ang iniisip nito. Napaka-passive kasi ng hitsura ni Dominic, napakakaswal. So mysterious.

“May problema ba?” sita niya rito. “Wala naman,” maikli nitong tugon.

Dahil dito ay hindi rin napunan ang kanyang curiosity. She provoked him further. “It looks like it,” patay- malisyang sabi niya.

Tumikhim si Martin. “Hija, bakit hindi mo kami kuwentuhan tungkol sa trabaho mo? Hindi ka naman ba nahihirapan doon? I wish I don't have to tell you this, pero gusto kong malaman mo na kung kailangan mo ng tulong, financially or not, narito lang kami para tumulong.”

Sumubo muna si Ross vegetable salad bago sinagot ang katanungan ng ama. “Salamat, Dad, but I can manage. At isa pa, I don't wanna bother you for anything.”

“At bakit naman hindi? You’re my child, Rosanne.

Anong klase akong ama kung hindi rin naman kita matutulungan?”

Oh, really? sabi ni Ross sa sarili. Alam nating lahat na hindi mo ako tunay na anak. Stop acting like you care for me, or something. Pero dahil hindi niya iyon masasabi ay iba ang salitang lumaas sa kanyang bibig. “I’ll keep it in mind.”

“Mabuti naman kung gan’un.”

Tahimik sila sa pagkain pagkatapos niyon. Ngunit hindi pa sila nangangalahati sa pagkain ng sea bass in tomato herb soup ay biglang napatigil si Martin. Distorted ang facial expression nito at ilang beses na nagbuga ng hangin.

She started to panic. “Dad? What’s wrong?” Kaagad niya itong nilapitan, gayundin ang ginawa ni Dominic.

“Pa, masakit ba ang dibdib mo?” Ngunit inilahad ni Martin ang palad.

“I’m okay. Just stay where you are.”

Hindi napigilan ni Ross ang pag-aalala. “Are you hurting, Dad? Maybe we should call the doctor...”

Umiling si Martin at sa mahinang tinig ay sinabing, “No, no. Napagod lang ako kanina. Hindi n’yo kailangang tumawag ng doktor dahil kaya ko ang sarili ko. Kailangan ko lang magpahinga. Tawagin na lang n’yo si Matilde upang alalayan ako sa pag-akyat sa kuwarto.”

“Ako na lang ang alalay sa ’yo, Pa,” sabi ni Dominic.

“We’ll carry you upstairs, Dad...” sabi naman ni Ross. Ngunit mapilit si Martin at si Aling Matilde ang hanap.

“But, Dad! You can’t—” Naputol ang kanyang pagpoprotesta nang matiim na tingnan ng ama.

“Both of you, kung gusto ninyo akong tulungan, you better obey my orders. Ipagpatuloy ninyo ang pagkain at si Matilde na lamang ang kasama ko sa pag-akyat. Matilde,” tawag nito sa nakaantabay na babae. “Please continue eating your dinner.” Pagkatapos niyon ay dahan-dahan itong tumayo.

Nagpapaunawa ang tingin ni Dominic kay Ross. Tila sinasabi nitong *‘Pabayaan mo na.’*

Sinunod niya ang silent plea nito dahil sa takot na sumama lalo ang pakiramdam ni Martin.

Gayunpaman sinundan niya ng tingin ang ama at ang kasambahay. Pinipigilan niya ang sarili ngunit hindi ibig sabihin niyon nawalang lahat ang pagmamahal dito.

“Hindi ka ba mauupo?” tanong sa kanya ni Dominic. Nakaupo na itong muli at tila inaabangan ang susunod niyang gagawin.

She felt the familiar irritation rising within her. Dahan- dahan siyang naupo sa silya. Ngunit lumipas ang mga minuto na hindi niya magawang damputin ang kubyertos samantalang ang kaharap ay patuloy sa pagkain na animo walang nangyari. Hindi na siya nakatiis.

“Pagkatapos ng nangyari, nakuha mo pang kumain nang magana? I really admire your nonchalance, not to mention your appetite.”

“Salamat sa paghanga,” tanging sagot nito. Wala itong plano na patulan ang kanyang patutsada.

“What’s wrong with you? Hindi ka ba nag-aalala sa kalagayan ng Daddy?”

Dismayado nitong binitiwang ang hawak na kubyertos at saka walang kiyeme siyang pinagmasdan. “Kung magpa-panic tayong lahat, may mabuti ba iyong maidudulot sa kalusugan ni Papa?”

“You could at least show some concern, Buster!”

“Let me tell you something. Una, hindi ibig sabihin ng pananahimik ko ngayon ay wala na akong pakialam sa nangyayari. Pangalawa, I don’t resort into panicking, unlike you.”

“Well, thank you but I’m not asking for your opinion.”

“Huwag nating pagtalunan ang bagay na ’to, Rosanne.”

“You started it,” aniya. At para hindi lumaki ang usapan ay ang pagkain sa harapan ng kanyang inatake.

He sighed. Ito naman ang nawalan ng gana sa pagkain ngayon. Gayunpaman, desidido itong makipag-usap nang maayos. “You should eat more, you know.”

Inignora niya ang komento ng lalaki.

“I mean, malaki ang ipinayat mo mula nang huli tayong magkita.”

Natigil si Ross sa pagnguya. Defying table manners, itinukod niya ang siko sa mesa at nangalumbaba. Naniningkit ang kanyang mga mata nang sabihing, “Hindi ako payat; I’m slender not

skinny.”

“Just an advice.”

“Unsolicited advice.”

Muli itong nagbuntong-hininga. “Fair enough. But would you just drop your gun? Hindi ko intensyong makipagtaló. Kaya nga pilit kang pinauuwi ni Papa ay dahil gusto niyang maayos ang lahat. Kung hanggang ngayó’y masama pa rin ang loob—”

Ngunit hindi na nito naituloy ang sasabihin dahil sadyang inantala ni Ross ang kanyang pagsasalita. “Don’t say anything. Don’t say anything at all. Ayokong pag-usapan ang nakaraan, not with you or with anyone else!” Her voice has risen to a dangerous pitch at natakot siya sa sarili. Natakot siyang baka hindi mapigilan ang sarili at sumbatan niya ito sa lahat ng atraso sa kanya. Ayaw niyang ipaalam kay Dominic na hanggang ngayon ay may kinikimkim pa rin siyang sama ng loob sa nakaraan. But because of her slight outburst, she guessed it was obvious enough.

Sumandal si Ross sa kahoy na silya upang mapawi ang umuusbong na hinanakit. No, hindi niya gustong malaman ni Dominic na apektado pa rin siya ng nakaraan at mamamatay muna siya bago

ito patawarin.

“Okay, just calm down... Huwag kang magalit. Kung ayaw mong pag-usapan ang mga bagay-bagay, then so be it. Hindi naman kita pipilitin. You and I, we’re not enemies, you know.”

“Sure. Kaibigan ko ang isang traydor. That’s good to hear, isn’t it?” Mula sa kanyang bitbit na cigarette case ay kumuha siya ng isang stick. Sinindiha niya iyon gamit ang sariling lighter at makailang ulit na nagbuga ng usok. She felt its effects after a few seconds.

Dominic stared disapprovingly.

“Do you mind?” tanong niya rito na tumaas ang kilay. Alam niyang ayaw nito sa babaeng naninigarilyo. Maybe she started smoking just to spite him.

“Please yourself. Ngunit lalinawin ko lang, hindi kita tinraydor. Ginawa ko lang ang isang bagay na sa tingin ko noo’y tama. Ipinaliwanag ko na sa ’yo, di ba? Pero mukhang hindi mo pa rin naiintindihan. And worse, hindi mo kami mapatawad ng Papa.”

“Tama ka. Ginawa mo ang isang bagay na sa tingin mo lang ay tama. Ni hindi mo ikinunsidera ang nararamdaman ko. Enough of this foolish talk! Sinabi ko nang ayokong pag- usapan iyan.”

“All right,” dismayadong tugon ni Dominic. “Kung ayaw mong pag-usapan, hayaan mo lang akong ipaalam sa’yo ang isang bagay. Alam kong wala akong karapatang humiling ng anuman sa ’yo, pero sana bigyan mo ng pagkakataong makasama ka ni Papa. Ayoko sanang i-stress ito sa ’yo... sa palagay ko hindi makakabuti kung iiwan natin siya ngayon. He showed signs of recovery mula nang dumating ka. It would be good for him if you stay a little bit longer.”

“Hindi puwede. May trabaho akong iniwan sa Manila. Mori would fire me without a moment’s hesitation. Hanggang bukas na lamang ako dito and that’s it.” Humithit siya sa sigarilyong hawak.

“Sasama ang loob ni Papa, Rosanne.”

“Ano’ng silbi mo dito? It’s your job to calm him, not mine.”

“Alam mo ang ibig kong sabihin.” Tinitigan siya ni Dominic. A silent battle of wills passed between them. Hindi siya nito tinantanan ng tingin ngunit mas desidido siyang huwag itong pagbigyan.

She stared back. Ang sabi niya sa sarili, she would be damned if he let him get to her again. Hindi na siya ang batang babae na kaya nitong manipulahin.

“Kahit magtitigan tayo dito buong magdamag

ay hindi mo ako mapapayag. Umuwi lang ako dito dahil akala ko malala na'ng kondisyon ni Daddy. But it seems kaya naman niya ang sarili, kaya hindi ko na siguro kailangang lumiban sa trabaho nang mas matagal.”

She could not stand him. Dahil doon ay walang pasintabi niya itong iniwang mag-isa sa hapag-kainan. Naisip niyang there would be a time when she would not be bothered by his presence, pero hindi ngayon ang panahong iyon.

For now it would be wise to just avoid him, or else she would lose her control. Mula ngayon ay hindi na siya magpapakita ng anumang emosyon dito.

An hour later, natutulog na si Martin nang pasukin ni Ross ang silid nito. She felt a twinge of regret nang titigan niya ang anyo ng kinilalang ama. There were lines on his face that was not there before.

Napakadaling lumipas ng panahon. Hindi niya namalayang isa na siyang adult at hindi na ang batang babae na umiiyak para kuhanin ang atensyon ng ama.

Dati-rati ay kinakarga lang siya ni Martin at ayos na ang pakiramdam niya.

Bakit Hindi Tayong Dalawa? - Frances Lucero

Tinungo niya ang ama at marahang nilapatan ng halik sa noo. Ngunit naramdaman niya ang pamamasa ng mga mata kaya dali-dali ring nilisan ang silid nito. Baka magising pa si Martin at makita ang kanyang hitsura.

Sa kanyang pagmamadali ay hindi na niya namalayan ang pares ng matang nakatuon sa kanya sa hallway.

“Balak na niyang bumalik sa trabaho bukas,” ani Dominic, nakatayo siya sa paanan ng kama ni Martin.

Nakasandal naman ang huli sa headboard ng kama. He was alert and fully awake; kabaligtaran sa ipinakitang eksena sa komedor kanina.

Kanina ay naramdaman niya ang pagmamasid ni Rosanne. Nang halikan siya nito sa noo, nais sana niyang magmulat. Ngunit alam niyang oras na gawin iyon ay magbabalik ang matabang na pakikitungo sa kanya ng kinilalang anak. And he did not want to embarrass her.

Alam niya, nararamdaman niyang pride ang dahilan kung bakit hanggang ngayon ay ayaw pa rin siya nitong patawarin. Rosanne was a thoughtful and loving child, hindi siya nito matitiis. But something

was holding her back...

“Inaasahan ko na ang bagay na ’yan.”

Natigilan si Dominic. “Alam ko ang gusto n’yong mangyari nang iwan ninyo kami sa komedor kanina. Pero hindi ninyo na kailangang gawin ’yun. Magkakaayos din kami ni Ross. Sa ngayon, ayokong ipagpilitan ang pakikipag-ayos sa kanya. It’s so soon.”

“Kaya nga binigyan ko kayo ng pagkakataong mag- usap.”

“I have my own way of fixing things. Sa ngayon, ang isipin n’yo na lang ay kung paano kayong magkakaayos bago siya umalis.”

Tinitigan ni Martin ang anak. “Alam mo kung bakit ko ginagawa ang lahat ng ’to.”

Muling natigilan si Dominic at nagyuko ng ulo. “Yes, I know.”

“Gusto kong magkaayos tayong lahat.”

“Yes.”

“At gusto ko ring magkaayos kayong dalawa. Alam mo kung ano’ng ibig kong sabihin.”

Sa pagkakataong ito ay si Dominic ang tumitig sa ama. “Dati, hindi ako sigurado kung alam ninyo ang

tungkol...” Nang hindi maipagpatuloy ang kanyang sasabihin ay si Martin ang sumalo ng usapan.

“I’m not stupid, Son. Alam ko kung bakit iminungkahi mong pag-aralin si Rosanne sa Maynila. Alam mo noon na hindi kayo magkapatid, na ampon ko lang si Rosanne. But you thought she’s too young, too wild for comfort.”

Hindi nakaimik si Dominic. Sa palagay ni Martin ay hindi pa rin komportable ang binata na pag-usapan nila ang tungkol doon kaya iniba na lamang nito ang usapan. “Dahil marami pang dapat linawin, sa palagay ko, hindi pa dapat umalis si Rosanne bukas. Shall we do something about it?”

Tumango si Dominic.